



Para sa mga hindi nag-iisang magulang na sambahayan
(na natanggap na ang kasalukuyang benepisyo ng ito)

Impormasyon sa espesyal na benepisyo para sa suporta ng buhay ng mga sambahayang nagpapalaki ng bata

Ang pagbibigay ng bagong benepisyo,
para sa mga sambahayang nagpapalaki ng bata ay isasagawa!

1. Ang mga tinutugunan na mabigyan

Ang mga tumatama sa parehong ① at ② (* Maliban sa mga tumanggap na ng mga benepisyo para sa mga sambahayang nag-iisa ang magulang)

- ① Mula noong ika-21 ng Marso taong 2022
Mga magulang, atbp, na nagpapalaki ng **batang wala pang 18 taong gulang** (**wala pang 20 taong gulang** kapag may kapansanan)
(* Ang mga bagong silang na sanggol, atbp, na ipinanganak hanggang katapusan ng Pebrero taong 2023 ay tinutugunan din.)

- ②
- Mga taong **walang bayad ang residence tax (batay sa “per capita”)** para sa piskal na taong 2022 o kaya naman
 - Mga taong biglang nagbago ang kita mula unang araw ng Enero taong 2022, at naging kitang **katumbas ng walang bayad ang residence tax**

2. Halaga ng ibibigay

Parehong takdanghalaga na **50,000 yen** bawat bata

- Maaaring **kinakailangan** o **hindi kinakailangan** ang aplikasyon upang mabigyan. Tiyak na tingnan ang pamamaraan upang mabigyan sa likuran.

*Para sa mga katanungan, tumawag lamang sa ibaba.

■ Call Center ng Ministry of Health, Labour and Welfare

0120-400-903 (Tanggapang oras: 9:00 ~ 18:00 karaniwang araw ng trabaho)

Para sa mga detalye kung paano mag-aplay, magtanong lamang sa [namamahalang tanggapan sa espesyal na benepisyo para sa suporta ng buhay ng mga sambahayang nagpapalaki ng bata (maliban sa mga sambahayang nag-iisang magulang)] sa inyong munisipyo.

3. Pamamaraan upang mabigyan ng benepisyo

I. Ang mga tumanggap ng allowance para sa bata o espesyal na allowance sa pagpapalaki ng bata para sa Abril ng taong 2022 na walang bayad ang residence tax

- ▶ Matatanggap ang benepisyo na **hindi kailangang mag-aplay**.
- ▶ Ipapadala ito ng bawat munisipalidad sa lalong madaling panahon sa account na pinadalhan ng allowance para sa bata o espesyal na allowance sa pagpapalaki ng bata para sa Abril ng taong 2022.


【Pag-ingatan lamang】

*Kapag hindi nais na makatanggap ng benepisyo, ibalik lamang ang form ng notipikasyon sa pagtanggap ng pagtanggap.

*Kapag may duda na maysagabal sa pagpadala ng benepisyo, tulad ng pagkansela ng account na ginagamit para sa pagtanggap ng allowance para sa bata o espesyal na allowance sa pagpapalaki ng bata, isagawa ang pamamaraan tulad ng pagbabago ng itinalagang account.

II. Iba pang mga tao maliban sa nakasulat sa itaas (Hal: Mga taong nagpapalaki ng batang nasa senior high school lamang, mga taong biglang nagbago ang kita)

- ▶ **Kailangang mag-aplay** upang matanggap ang benepisyo.
- ▶ Punan lamang ang account na padadalhan, atbp, sa application form at ipasa ito kasama ang mga kinakailangang dokumento nang **direkta** o sa **pamamagitan ng koreo** sa **namamahalang tanggapan** sa munisipyo ng inyong munisipalidad.
- ▶ Para sa mga nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagbibigay ng benepisyo, kumpirmahin ang mga detalye ng aplikasyon at ipapadala ito sa itinalagang account.



Sa [espesyal na benepisyo para sa suporta ng buhay ng mga sambahayang nagpapalaki ng bata]

Mag-ingat lamang sa mga **“madayang pagpapadala”** at **“panloloko sa personal na impormasyon”**.

Kapag nakatanggap ng isang kahina-hinalang tawag o koreo sa inyong bahay o pinapasukan na galing daw sa (tauhan ng) prefecture o munisipalidad, o Ministry of Health, Labour and Welfare, tumawag lamang sa munisipyo ng inyong tinitirahang munisipalidad o sa pinakamalapit na istasyon ng pulisiya, o sa teleponong itinalaga ng pulisiya para sa mga konsulta (# 9110).